
4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 14:
## Ako, Kayo o Siya?




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 14- Ako, Kayo o Siya?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rodrigo G. Embestro

**Editor:** Jerickson D. Getizo

**Tagasuri:** Laila C. Namoro, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Jerome R. Guadalupe

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, John Francis O. Tañamor, Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS-Filipino: Rechie O. Salcedo
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 14

## Ako, Kayo o Siya?

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Panghalip Panao !

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **(FILIPINO 4)** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Panghalip Panao.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Isang mapagpala at magandang araw sa iyo.


Mahilig ka bang magkuwento?

Sa pagkukuwento mo may mga salita o pantawag kang ginamit para hindi na maulit ang mga ito?Napansin mo ba ang salitang ginamit mo na **ako, ko, akin, kami, kayo, mo, siya** at iba pa? Natukoy mo na ba kung ano ito?

Sa modyul na ito ay lalo mong mapapalawak ang iyong kaalaman tungkol sa panghalip. Matututuhan mong gamitin ang panghalip sa usapan lalo na ang panghalip panao at mga anyo nito (palagyo, paukol at paari) at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan

Sa modyul na ito, inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

Nagagamit nang wasto ang panghalip panao at mga anyo nito sa pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.



## ***Subukin***

*Subuking gawin ito.*

Ano na ang alam mo tungkol sa uri ng panghalip panao? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

A. **Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon at piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang sagot sa papel.

1. Si Jemerson at ako ay magbibigay ng donasyon sa mga apektado ng Bulkang Taal. _____ ay bibili ng pagkain at magbibigay ng mga lumang damit.

A. Kami    C. Ikaw
B. Tayo    D. Sila

2. Pupunta sina Kim, Kieth, Myla at Roda sa Mall. _________ ay manonood ng sine.

A. Kami    C. Ako
B. Ikaw    D. Sila

3. _________ ang gustong sumama sa pamimili ng mga gamit at pagkaing ihahatid sa Batangas?

A. Ano-ano    C. Sino-sino
B. Saan    D. Kailan

4. __________ ang puwedeng sumama sa paghatid sa Batangas ang mga donasyon?

A. Ano    C. Kailan
B. Sino    D. Magkano

5. __________ ba ang manlilibre ng pamasahe sa bus papuntang Batangas?

A. Ilan    C. Ikaw
B. Kailan    D. Gaano

6.__________ ay magdasal muna sa pagsimula ng biyahe.

A. Sina C. Iyo
B. Tayo D. Nila

7. Ang mga dumating ay kilala sa lipunan. Sa _______ kasi ang pinakamalalaking negosyo ng lungsod.

A. amin C. inyo
B. kanila D. tayo

8. ___________ ay hangang - hanga sa kabayanihang kanyang ginawa para sa pagligtas ng mga biktima ng kalamidad.

A. Sina C. Kanya
B. Ako D. Isa

9. ___________ mga anak ko ang pinakamahalagang regalo ng Diyos sa akin.

A. Kayo C. Sila
B. Tayo D. Ikaw

10. ___________ ang unang lumikas nang sumabog ang Bulkan Taal.

A. Iyo C. Sila
B. Sina D. Ka

**Kumusta?** Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong?

Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 15**.

**Magaling!** Maaari ka nang magpatuloy.



| Aralin | Panghalip Panao |
|---|---|

## Balikan

*Magbalik-aral ka.*

Naaalala mo pa ba ang isang awiting lagi ninyong inaawit bago magsimula ang aralin?

Narito ang isang awitin. Pansinin ang mga salitang may salungguhit sa awit?

**Ako, Ikaw, Tayo isang Komunidad**

(Saliw sa: It's I Who Build Community)

Ako, Ako, Ako'y isang komunidad 3x
Ako'y isang komunidad
Lalala
Sumayaw-sayaw at umindak-indak
Sumayaw-sayaw katulad ng dagat 2x
(Palitan ang Ako ng Ikaw at Tayo)

Sino ang tinutukoy ng **Ako**, **Ikaw**, at **Tayo**?


***Mga Tala para sa Guro***

Sa araling ito, mas higit mo pang matututuhan ang panghalip panao. Makikilala mo ang iba't ibang anyo nito gaya ng palagyo, paukol at paari ayon sa panauhan at kailanan nito na isahan, dalawahan at maramihan.

## *Tuklasin*

*Basahin mo ang usapan sa ibaba. Pansinin mo ang mga salitang initiman.*


**Sitwasyon:** Naatasan ang grupo nila Anna na ayusin ang kanilang silid-aralan para sa pagdating ng kanilang bagong guro.



## ***Suriin***

Pansinin ang usapan sa bahaging tuklasin.Suriin ang mga pangungusap na ginamit ayon sa kanilang karanasan.

1. Ano ang tawag **ako,kami,ikaw,sila,tayo at natin**?
   *Sagot: Ang mga salita na ginamit sa pangungusap ay panghalip na Panao.*
2. Anong panauhan ang panghalip na **ako**?
   *Sagot: Unang panauhan*
3. Ano ang kailanan ng panghalip na **ako**?
   *Sagot: Isahan*
4. Anong panauhan ang panghalip na **tayo**?
   *Sagot: Pangatlong panauhan*
5. Ano ang kailanan ng panghalip na **tayo**?
   *Sagot: Maramihan*



**Panuto**: Ibigay mo ang kailanan ng mga panghalip panao na may salungguhit kung ito ay **ISAHAN**, **DALAWAHAN** o **MARAMIHAN**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

__________1. Ako ay naglilinis ng bakuran tuwing araw ng Sabado.

__________ 2. Tumutulong kami sa pagluluto ng agahan.

__________ 3. Sila ate at kuya ang nagliligpit ng pinagkain.

__________ 4. Ikaw naman ang magpunas ng bintana.

__________ 5. Tulong- tulong kami sa mga gawaing bahay.

***Mahusay!** Ano ang napansin mo sa mga panghalip na ginamit sa mga usapan at pangungusap?*

**Lagi mong tatandaan...**

Narito ang talahanayan ng panghalip na panao.

**Mga Panghalip na Panao**

| | **Panauhan** | | |
|---|---|---|---|
| **Kailanan (Anyo)** | Una | Ikalawa | Ikatlo |
| Isahan | Ako,ko,akin | Ikaw,ka,mo,iyo | Siya,niya kanya |
| Dalawahan | Kata,Kita | | |
| Maramihan | Tayo,kami Amin,atin natin | kayo, inyo,ninyo | Sila,nila,kanila |

Ang Panghalip na Panao ay may **isahan, dalawahan at maramihang anyo.**

Ano-anong mga panghalip na panao ang tumutukoy sa *iisang tao*?


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ako** | **ikaw** | **ka** | **siya** | **ko** |
| **mo** | **niya** | **akin** | **iyo** | **kanya** |

Ano-anong mga panghalip ang kumakatawan sa *dalawang tao*?

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tayo** | **natin** | **kayo** | **ninyo** |
| **Inyo** | **sila** | **nila** | **kanila** |

Alin-alin sa mga panghalip ang ginamit sa pagtukoy *sa tatlo o higit pa*?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **kami** | **naming** | **amin** | | **kayo**, |
| **ninyo** | **inyo**, | **sila** | **nila** | **kanila** |




Ano'ng mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?

Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

___ Lubos na naunawaan
___ Naunawaan
___ Naguluhan



## *Pagyamanin*

*Handa ka na bang pagtibayin ang iyong natutuhang kasanayan sa paggamit ng panghalip na panao? Sige, gawin muna ang pagsasanay sa ibaba.*

**A. Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang sagot saiyong sagutang papel.

1. ______ po ba ang magulang ni Sandrei.

   A. Kayo B. Ikaw

   C. Kami D. Siya

2. “______ ang prinsipal namin,” sabi ni Carlo kay Anjo.

   A. Ako B. Siya

   C. Ikaw D. Kami

3.“Mauna ka na. April, ______ na lang ang maghihintay kay Inay,” sabi ni Lisa kay April.

   A. ako B. tayo

   C. ikaw D. siya

4. “Maglakad na lang ______ pauwi . “ Sabi ni Renz sa kanyang mga kapatid.

   A. ako B. tayo

   C. ikaw D. kami

5.“______ na mga kaibigan ko ang gusto kong kasama sa paggawa ng proyekto,” sabi ni Lyka.

   A. Ako B. Sila

   B. Ikaw D.Kayo

**B. Panuto:** Ibigay ang wastong panghalip na panao at sabihin ang anyo nito sa kanilang usapan tungkol sa karanasan nila tungkol sa COVID-19.Isulat ang tamang sagot saiyong sagutang papel.

Marco: Alam mo ba Carla mahirap pala kapag nahawaan ka ng Virus na COVID-19.

Carla: Oo naman Carlo, kaya 1. ________ (*anyo)* palagi na akong naghuhugas ng kamay bago at pagkatapos kumain.Gayundin ang 2.____ (*anyo*) mga kapatid.Naging Gawain na 3.______(*anyo*) ang magsabon ng kamay at palagiang paggamit ng alcohol!

Marco: Maganda talagang sumusunod 4. ______ (*anyo)* sa protocol na ipinapatupad ng IATF.Ang pagsuot 5.______(*anyo)* ng Facemasks ay tiyak na ligtas ka na mahawaan nito!At pasalamat tayo dahil aktibo ang mga IATF na malabanan ito!

Carla:Oo Carlo,ang IATF o frontliners ay napakahalaga ngayong panahon ng pandemic.6._______ *(anyo)* ang tumutulong sa maysakit at nagbabantay sa mga papasok at papalabas na mga tao at sasakyan sa isang komunidad.Kaya saluduhan natin_7._______*(anyo*)!


Clara: O ano ba 8.______(*anyo*) dalawa ano na naman ba ang pinag-uusapan 9._________.Sali naman 10. ________(*anyo*).

Marco: Oo naman Clara.Halika na.

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa **pahina 15** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
3-4 tamang Sagot – MAGALING
1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN





## *Isaisip*

Isiping mabuti…

**Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na salita para mabuo ang mga pangungusap.**

Ang __________ ay mga salitang ginagamit na panghalili sa mga pangngalan ng tao, hayop, bagay o pook.

Ang __________ ay inihahalili sa pangalan ng tao.

Ang Panghalip Panao ay maaaring ________, _________o ____________.



## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng panghalip panao. Isagawa ang mga gawain sa ibaba.

A. **Panuto:** Punan nang wastong panghalip na panao ang patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Patrick: Maglaro 1. ______ ng Mobile Legend.

Joshua: Mamaya na lang, Patrick. 2. _____ ay tutulong kay Nanay sa pagpagpapakain ng manok.

Patrick: 3. _____ na lang nina Renz at Razel ang maglaro.

Joshua: Sige 4. _____ na muna. Mamaya na lang 5. ______ susunod sa inyo.

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 15**.



## *Pagtataya*

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng panghalip panao?*

**A. Panuto: Isulat ang wastong panghalip sa patlang. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.**

1. Maliligo _____ sa Masuso Resort. (kasama ang sarili)

2. _____ (sarili) ay magluluto ng babaunin _____ (maramihan, kasama ang sarili) na pagkain.

3. Magdadala _____ ng melon at mangga. (isahan)

4. _____ ba ay sasama sa amin? (isahan)

5. Alam kong _____ ay malilibang sa ating piknik. (maramihan, kasama ang sarili)

**B. Panuto:** Gamitin ang angkop na uri ng panghalip na panao para sa susunod na usapan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

| siya | inyo | kami | sila | amin | mo | niya | ako |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

| | |
|---|---|
| Ella: | Sa _______ ba ang bagong sasakyang nakaparada sa harap ng bahay ninyo?. |
| Jerome: | Oo, sa ______ iyon. Bagong bili ng kuya ko. |
| Nash: | Wow! Ang bait naman ng kuya _____. |
| Jerome: | Ireregalo daw _______ sa kaarawan ng Tatay namin. |
| Ella | Sana paglaki ko makabili rin _____ ng kotse para sa magulang ko. |
| Nash | Ako rin gusto ko. Kaya pagbutihin natin ang ating pag-aaral. |



**Mahusay!** Batid kong alam mo nang gamitin nang wasto ang panghalip panao. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.

## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng panghalip panao.

**A. Panuto:** Gamitin ang angkop na uri ng panghalip na panao para sa susunod na talata.

Magkapatid sina Jomar at Jonard. Kapuwa (1)_____ nag-aaral. Si Jomar ay magaling umawit. Pareho ang hilig (2)______. Palagi (3) _____ magkasama. (4) _______ ang kinatawan ng kanilang klase sa pag-awit. Tuwang-tuwa sa (5)________ mga kaklase at guro ng makuha (6)________ ang unang gantimpala.

**B**. Panuto: Bumuo ng maikling usapan ninyong magkaibigan gamit ang panghalip panao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________________________________-.

**Malugod na pagbati!** Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



# Susi sa Pagwawasto

## Isasip

1. Panghalip
2. Panghalip Panao
3. Isahan
4. Dalawahan
5. Maramihan

## Karagdagang Gawain

1. sila
2. nila
3. sila
4. kanila
5. kanila
6. nila

## Isagawa

1.tayo
2. ako
3. kami
4. kayo
5. ako

## Pagyamanin

B.

1. Ako, isahan
2. aking,maramihan
3. namin, maramihan
4. tayo, maramiham
5. natin ,maramihan
6. sila, maramihan
7. sila.maramihan
8. kayo,maramihan
9. ninyo,maramihan
10. ako,isahan

## Pagyamanin

A.

1. sila
2. kami
3. siya
4. sila
5. kami

## Pagtataya

A
1. kami
2. ako, natin
3.ako/siya
4. ikaw
5. tayo

B
1. inyo
2. amin
3. mo
4. niya
5. ako

## Suriin

1.isahan
2. maramihan
3. dalawahan
4. isahan
5. maramihan

## Tuklasin

1.Joshua
2. ako
3. Janice
4. ako
5. Janice at Joshua

## Subukin

1. A
2. D
3. C
4. B
5. C
6. B
7. B
8. B
9. A
10. C

## *Sanggunian*


Agarrado, Patricia Jo., et.al., *Alab Filipino 5*. Quezon City: Vibal Group Inc. 2016

Alfonso, Santiago at Tiongco, Norma G., 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*, Binagong Edisyon. Manila: Rex Bookstore.

Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.,

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Lalunio, L., at Gil, Francisca. *Hiyas sa Wika 4.* Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporation, 2010

Lalunio, L., Gil, F., & Mindo, D. *Hiyas sa Wika 6*. Quezon City: LG & M Corporation, 2000

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph